

GoGulong Customer FAQ

What is GoGulong?

Ang GoGulong ang panibagong puntahan ng mga Filipino car owners para makabili ng gulong para sa kanilang sasakyan. Walang hassle na mahahaanap ang pinakamalapit na tire shop sa kanyang area, makapag-compare at mahanap ang tamang gulong sa wastong presyo at maipakabit ang napiling gulong ng hindi pipila. Malawak ang payment options at pwede ang instalment online!

How do I find my tire?

You can search by keying in your car make and model or by tire size.

How do I check my tire size?

Sa gilid ng gulong may series ng number. Ilagay ito as requested sa search bar ng tire size sa GoGulong para mahanap ang iyong gulong sa website.



Bakit may multiple na recommended size para sa aking sasakyan?

Depende sa variant ng iyong sasakyan, iba-iba ang nilalagay na original equipment (OE) tire ng car manufacturer. Mas maigi na magkaroon ng visual inspection ng gulong na nakakabit sa iyong sasakyan.

Paano ko mahahanap ang pinakamalapit na tire dealer sa aking area?

Choose tire shops nearby sa search bar and allow the website to use your location sa search.

Paano ko mahahanap ang aking preferred tire brand sa search?

Click ang advance search at lalabas ang mga brand na may inventory sa mga tire shop.

Lahat ba ng gulong na naka-post sa GoGulong ay may stock?

Lahat ng lalabas sa search result ay may stock ang dealer. Hindi ma-ta-transact ang order kung walang stock ang GoGulong partner.

Pwede ba akong mag-canvas ng price dito sa GoGulong?

Yes. Lahat ng tire shop ay may price ang lahat ng gulong na on offer. Makikita kung saan pinakamura ang brand na iyong gusto sa iyong chosen location or tire shop nearby.

Pwede ba akong mag-compare ng tire brands at tire designs?

Yes. Click compare sa upper left corner ng bawat gulong na lalabas sa search result. You can compare up to 3 items.

Pinili ko ang aking city pero no results found para sa aking tire size.

Hindi lumalabas ang tire shop sa chosen city sa search kung walang ng stock ang iyong gulong na pinili sa lugar na iyon. Tanggalin ang location, choose tire shops nearby at palakihin ang distance ng search mula sa iyong location.

Pinili ko ang aking suking tire shop pero no results found para sa aking tire size.

Hindi lumalabas ang tire shop sa search kung ubos na ang stock na nilagay ng iyong suking tire shop. Ipaalam sa bes@gogulong.ph para ma-notify ang tire shop na kailangan ma-update ang online inventory.

Reliable ba ang mga tire shop sa GoGulong?

Ang mga tire shop na makikita sa GoGulong ay mga tire shop na matagal ng nagbebenta na gulong sa kanilang location. Ang GoGulong ang kanilang paraan para matagpuan nyo sila online at ma-process ang inyong tire needs ng walang hassle.

Ang gulong na binebenta ng GoGulong partners sa GoGulong.ph ay brand new, hindi second hand.

Safe bang bumili sa GoGulong?

Ang payment ay dumadaan sa mga secure na payment channels gaya ng PayPal for credit card payments, Dragonpay for over the counter bank and non bank transactions, at Tendopay para sa instalment.

Wala akong credit card, pwede bang magbayad thru bank transfer o sa mga non-bank payment channel gaya ng Bayad Center?

Yes. Choose Dragonpay as your payment option and follow the instructions.

Maari bang bumili ng instalment sa GoGulong ?

Yes! Piliin ang Tendopay. Mag-set up ng account sa Tendopay and sundin ang instructions at ibigay ang requirements. <https://tendopay.ph/faq>

Pwede ba ang instalment na gawin sa tire shop?

Ang instalment application ay maari lang gawin online. Piliin ang tendo pay sa payment method at sundin ang instructions.

Paano kapag nagkamali ako ng gulong na napili?

After visual inspection ng GoGulong partner ng actual tire size na nakakabit sa iyong sasakyan at nakita na mali ang order, gagawan ng paraan na maitama ang gulong. I-a-adjust ang presyo base sa published price ng tamang size ng tire shop sa GoGulong . Babayaran ang price difference in store. Kapag mas mura ang kapalit na gulong at kailangan ng refund, mag-email sa bes@gogulong.ph.

Safe ba ang information na binibigay sa GoGulong ?

Ang impormasyon na ginagamit sa GoGulong ay para lamang sa wastong pag-serbisyo sa customers at ma-process ang order. Lahat ng pag-iingat ay gagawin para masunod ang Republic Act 10173 - Data Privacy Act 2012. <https://www.privacy.gov.ph/data-privacy-act/#34>

Bakit hindi free ang tire installation?

Ang pricing sa GoGulong ay transparent. Hindi sinasabi na free kung ipinapatong sa gulong ang price ng sinasabing free installation. Ang installation fee ay para sa wheel weights and rubber valve. Ang wheel weights ay kailangan para ma-balance ang gulong at hindi mag-wiggle kapag umaandar ang sasakyan. Bawat pinapalitan na bagong gulong ay kailangan palitan ng valve para mas sigurado na hindi magkaroon ng access point na sumingaw ang hangin ng gulong.

Gaano ako katagal maghihintay sa installation?

Ang pag-install ng 4 na gulong para sa SUV ay estimated sa 2 oras at 1 oras para sa mga sedan na sasakyan.

Bakit kailangan mag-schedule ng installation? Hindi ba ako pwede pumunta kung kelan lang ako libre?

Ang walang hassle na serbisyo ay magagawa kung may wastong preparasyon para sa tire shop. Kailangan nakahanda ang mga gulong na ikakabit bago kayo dumating sa tire shop at naka-assign na ang tire technician. Ang pagkabit ng gulong ay gagawin sa pamamagitan ng no contact policy para sa safety ng customer at staff ng tire shop.

Pwede bang magpa-re-schedule ng installation?

Yes. Maaring magpa-re-sked 48 hours before original schedule.

Paano kung late dumating ang sasakyan?

Inaasahan na ang sasakyan na kakabitan ng gulong ay dumating ng 10 minutes before installation schedule. Kapag na-late sa schedule, ang reserved bay ay maaaring ibigay ng tire shop sa mga walk in customer ng tire shop. Kailangang pumila gaya ng ibang customer.

Paano kung no show ang aking sasakyan sa kanyang installation schedule? Maari ko pa bang i-re-schedule ang installation?

Yes, ngunit may Php500 na re-schedule fee sa mga no-show.

Ilang beses ako pwede mag-pa-reschedule?

May free re-schedule kung magawa ng 48 hours before ng original schedule. Any change after the 2nd schedule ay may Php500 fee.

Paano gagawin ang no contact policy sa tire shop?

Lahat ng GoGulong partner staff ay naka-mask. Hinihiling na ang mga customers ay dumating rin na naka-mask.

Pag dating sa tire shop sundin ang sumusunod:

- 1) Dumating sa chosen tire shop ng 10 minutes before schedule.
- 2) Ipaalam na kayo ang may order sa pamamagitan ng pagpapakita ng kopya ng order email. Pwede ipakita mula sa mobile phone ang email. Kung ang nagdadala ng sasakyan ay hindi ang nag-order kailangan may kopya sya ng transaction email na match sa plate number ng sasakyan.
- 3) Iparada ang naka-reserve na service bay para sa inyong sasakyan.
- 4) Titingnan ang lumang gulong ng tire technician kung pareho sa inyong order.
- 5) Kung tama ang order magbibigay ng signal ang tire technician sa tire shop frontliner at customer. Pagkatapos ay sisimulan na ang installation.
- 6) Ang payment balance ay maaring bayaran na sa tire shop. Kung fully paid na sa website, wala ng kailangan gawin.
- 7) Lahat ng kailangan na bayaran ukol sa gulong at installation ay kasama na sa amount na nakalagay sa order confirmation. Hindi kailangan magbayad ng additional payment para sa mga wheel weights or rubber valve. Ang pag-pa-upgrade ng mga tire valves or bumili ng ibang service sa tire shop na hindi kasama sa pagbili ng gulong ay separate sa online transaction.

Kailangan ko bang ibigay ang susi ng sasakyan sa tire technician?

Para sa health and safety ng customer at staff ng GoGulong partners, mas maigi na iparada ng maayos ang sasakyan sa reserved service bay para hindi na kailangan pumasok sa loob ng sasakyan ang tire technician. Sa pagkakataon na kailanganin ang access sa loob ng sasakyan ay ipapakita na i-di-disinfect ang mga bagay na hinawakan ng technician bago isauli sa nagdala ng sasakyan.

<https://www.ksat.com/news/local/2020/04/03/cleaning-car-for-coronavirus-goes-beyond-steering-wheel/>

Paano kung kailangan i-cancel ang order?

Maaaring i-cancel ang order at least 48 hours before ng scheduled appointment. Mag-email sa bes@gogulong.ph. Ang lahat ng cancellation ay may admin fee.

Naikabit na ang aking gulong nanapili, pwede pa bang isauli at palitan?

Only unmounted tires can be processed for replacement at the chosen tire shop.

May refund ba sa gulong?

Maaring mag-process ng refund kung hindi pa naikakabit ang gulong. Mag-email sa bes@gogulong.ph. Ang lahat ng refund ay may admin fee.

May warranty ba ang mga gulong sa GoGulong?

Ang lahat ng gulong ay may warranty as specified ng manufacturer or official importer ng gulong sa Pilipinas.

Paano ma-claim ang warranty ng gulong?

Ang GoGulong partner na binilan ng gulong ang mag-po-process ng warranty at i-re-refer sa official importer or manufacturer ng gulong para sa claim ng unused portion ng gulong. Ang warranty information ay nasa website ng bawat importer or manufacturer. Kung walang warranty info sa website ang importer or manufacturer, matatagpuan sa baba ang contact information.

BF Goodrich:	https://www.michelin.com.ph/assistance https://www.entirecarph.com/contact-us/
Bridgestone:	https://bridgestonetires.com.ph/tire-warranties/
Continental:	https://www.continental-tires.com.ph/car/5-year-warranty
Cooper:	https://coopertires.ph/contact/
Dunlop:	http://www.dunloptires.ph/contact/
Falken:	https://www.jmfareastinc.com/tire-distribution-contact-us
Federal:	http://www.ppcbizgroup.com/contact-us/
GT Radial:	https://gtradial.ph/contact-us/
Goodyear:	https://www.goodyear.com.ph/warranty/register-your-tires
Maxxis:	http://www.maxxis.com.ph/contact-us
Michelin:	https://www.michelin.com.ph/michelin-au-warranty
Mickey Thompson:	http://yhiph.com/warranty/
MRF:	https://www.tasco.com.ph/contact-us
Nexen:	https://nexentire.com.ph/terms-and-conditions/warranty-info
Nitto:	http://yhiph.com/tires/
Pirelli:	https://www.pirelli.com/tyres/tl-ph/contact-us
Toyo:	https://toyotires.com.ph/contact-us/
Yokohama:	http://yokohamatire.ph/tire-warranty/

